# Ano ang Hika?

Ang hika ay isang habang-buhay na problema na naka-aapekto sa halos 7 milyong mga bata sa Estados Unidos. Ang hika ay hindi malulunasan, ngunit ito ay makokontrola. Ang iyong anak ay ma-bubuhay ng normal na buhay at gagawa ng mga bagay na gusto nilang gagawin. Ang dalawang pi-nakamahalagang mga bagay na makatulong sa pagkontrola ng kanilang hika ay ang pag-iinom ng mga gamot na ayon sa itinuro at inaalam kung kailan sila magkaroon ng pag-aatake ng hika.



Ang hika ay makakaapekto sa daanan ng hangin sa baga. Ang mga taong may hika ay may daanan ng hangin na sobrang sensitibo sa iba't-ibang mga ba-gay sa kapaligiran. Kapag ang mga taong may hika ay makalanghap ng mga bagay na ito, ang mga daanan ng hangin ay magre-react sa kanila at magiging mag-siklab at mamaga.  Ang daanan ng hangin ay guma-gawa ng mas maraming mucus at ang mga laman sa palibot ng daanan ng hangin ay sumisikip. Ang hangin ay hindi makapagpasok sa daanan ng hangin at mas mahirap ang paghinga.

## Mahalagang katotohanan tungkol sa Hika

- Ang hika ay hindi nakakahawa.
- Ang hika ay madalas magtakbo sa pamilya na may kasaysayan ng mga alerhiya at hika.
- Ang hika ay maaari rin mapapalakas sa pamamagitan ng mga bagay sa kapaligiran tulad ng mga pollen, mga dust mite, balakubak ng alagang hayop, amag, usok ng tabako, at malamig na hangin.
- Dagdag na magpapalakas ng hika ay naglalakip ng malakas na damdamin at mga virus.

## Paano ko masasabi kung ang aking anak ay may hika?

**Ang iilan sa mga sintomas na kaugnay sa hika ay naglakip ng:**

- Tuyong ubo, madalas na lumulubha sa gabi
- Umagahas (umagahas na tunog kapag humihinga paloob o palabas)
- Igsi ng paghihinga
- Pagdaramdam ng kasikipan sa dibdib.
- Naghihinga ng mas mabilis kaysa normal para sa edad.

Rady Children's Hospital San Diego